

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang pinalawig na pagsara at pagkansela sa Lungsod ay nagbubunga sa pansamantalang suspensyon ng trabaho sa hindi mahalagang mga serbisyo

BRAMPTON, ON (Abril 17, 2020) – Bilang bunga ng pinalawig na pagsara ng mga pasilidad at pagkansela ng mga programa bilang tugon sa COVID-19, ginawa ng Lungsod ng Brampton ang mahirap na desisyon na pansamantalang suspendihin ang trabaho ng tinatayang 2,000 part-time, pansamantala/casual, at pana-panahong mga staff member sa hindi mahalaga at hindi kritikal na mga serbisyo simula Abril 18, 2020.

Ito ay isang pansamantalang pamamaraan at umaasa ang Lungsod na mapabalik ang mga empleyadong ito sa Lungsod kapag magagawa na nating mag-resume sa iba't ibang mga programa at serbisyo.

Samantala, nananatiling committed ang Lungsod na magbigay ng mga serbisyong pansuporta sa mga apektadong empleyado at umaasa na marami ang magiging karapat-dapat para sa suportang pinansyal mula sa mga programa ng benepisyo sa Canada.

Sa unang bahagi ng linggong ito, sa patnubay ng Brampton Emergency Management Office at Peel Public Health, inanunsyo ng Lungsod na ang lahat ng festival, event, performance sa Lungsod at ang mga permit sa event sa komunidad para sa mga event sa mga pasilidad ng Lungsod at sa mga performing arts centres, ay kanselado hanggang Hulyo 1, 2020, sakop ang lahat. Kasunod ito sa anunsyo noong Marso 27, 2020 na ang City Hall at lahat ng iba pang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Magpapatuloy ang Lungsod sa pagbibigay ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo kabilang ang: Mga Serbisyo sa Sunog at Emergency, Transportasyon, Pagpapatupad ng Ordinansa, Mga Serbisyo sa Hayop, Works Operation at Maintenance, Mga Operation sa mga Parke at Forestry, mga Serbisyo sa Security, mga Site Plan Application, Building Permits/Pag-iinspeksyon, Official Plan Amendments (OPAs) at mga Rezoning Planning Application, 311 at Administratibo/Teknikal na mga gawain.

Para sa pinakabagong mga update at madalas na mga itinatanong (FAQs), pakibisita ang: www.brampton.ca/COVID19.

Mga Quote

“Ang mga araw na ito ay walang duda na ilan sa pinaka-mahihirap na mga panahon na naranasan ng Lungsod, na naghatid sa atin sa mahirap ngunit kinakailangang mga pasya. Ang pinalawig na pagsara ng mga pasilidad ng Lungsod ay nangangahulugan ng pagbabago sa kung paano natin inihahatid ang mga programa at serbisyo. Ang ating pokus ay nananatiling isang sustainable na tugon na nagpapababa sa pangmatagalan, negatibong mga epekto nitong pandemic habang nagpapahintulot sa atin na tumulong sa pagprotekta sa kaligtasan ng ating komunidad at maghatid ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo na inaasahan ng mga residente.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Tulad ng maraming organisasyon sa buong bansa, aktibo tayong tumutugon sa at nagpapababa sa iba't ibang epekto ng krisis na ito. Nananatili tayong committed sa pagtitiyak na ang staff ay may access sa mga pansuportang serbisyo na kailangan nila sa panahong ito. Gusto ko ring siguruhin sa lahat na ang mahirap na desisyong ito ay isang direktang bunga ng mga pagsara at mga pagkansela

bilang tugon sa COVID-19 at hindi naglalarawan sa mga kontribusyon ng apektadong mga empleyado na nananatiling mahalagang bahagi ng ating team.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok ng Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca